


4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 3:  
Kapuwa Ko, Igagalang Ko



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Kapuwa Ko, Igagalang Ko  
Unang Edisyon, 2020**

**Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names* tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay ng isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kakatawan sa paghiling ng kaukulang pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang – aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Briones Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>		
<b>Mga Manunulat:</b>	Josephine Bruselas-Mien Lea B. Perez	Agnes Dejuras-Nocos Jessica Abanto-Pura
<b>Konsultant:</b>	Mary Jean B. Brizuela Dollie G. Franche	Sheila C. Bulawan Irene F. Yazon
<b>Tagaguhit:</b>	Jed T. Adra	
<b>Naglayout:</b>	Jeffrey B. Sape Marvin DJ. Villafuerte	John Claude R. Caunca
<b>Mga Tagapamahala:</b>	Gilbert T. Sadsad Grace U. Rabelas Jily I. Rocas	Francisco B. Bulalacao Lailanie R. Lorico Merlita B. Camu

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500  
Contact: 0917-178-1288  
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 3  
Kapuwa Ko, Igagalang Ko**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang buhay na inihandog sa atin ng Diyos ay dapat pahalagahan. Nais ng Diyos na mahalín, igalang, at pahalagahan ang buhay ng ating kapuwa tulad ng pagpapahalaga natin sa ating buhay. Ang pagkilala sa halaga ng ating kapuwa ay makapagpapatibay sa ating paggalang sa kanila.

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang napahalagahan ang lahat ng mga likha na may buhay;

- paggalang sa kapuwa-tao



## **Subukin**

**Panuto:** Lagyan ng **tsek (✓)** ang bilang na nagpapakita ng paggalang sa kapuwa at **ekis (X)** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. Nagmumura kapag natatalo sa laro.
- \_\_\_ 2. Sumusunod sa utos nang maluwag sa kalooban.
- \_\_\_ 3. Nagsasalita nang mahinahon at may paggalang sa kausap.
- \_\_\_ 4. Nagdadabog kapag pinagsasabihan ng pagkakamali.
- \_\_\_ 5. Binabati ang nakakasalubong na kamag-aral.
- \_\_\_ 6. Sinisigawan ang mga batang namimitas ng bulaklak sa paaralan.
- \_\_\_ 7. Nagmamano sa bisitang dumadalaw sa nanay.
- \_\_\_ 8. Ginagamit ang *cellphone* ng ibang tao nang walang paaalam.

\_\_\_\_9. Kumakatok sa pintuan ng silid ng kapatid bago pumasok.

\_\_\_\_10. Pambubulas o panunukso sa mga kalaro.

## **Aralin**

# **1**

## **Kapuwa Ko, Igagalang Ko**

Ang iyong kapuwa ay isa sa mga likha ng Diyos na dapat pahalagahan. Maipakikita mo ito sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa kanila anuman ang kaniyang katayuan sa buhay, edad, o lahi.

Ibabahagi ng modyul na ito ang kahalagahan at mga paraan upang maipakita ang paggalang sa iyong kapuwa sa lahat ng pagkakataon. Makatutulong ang mga gawaing inihanda upang maunawaan at maipakita mo ang paggalang sa kapuwa-tao.

Teka muna! Bago mo tuluyang tuklasin ang araling ito, iyong balikan ang natutunan mo sa nakaraang aralin.



## **Balikan**

**Panuto:** Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng pag-aalaga sa sarili upang maiwasan ang pagkakaroon ng sakit? Lagyan ng hugis **puso** ♥ ang bilang na tumutugon dito at **ekis (X)** naman sa hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Naghuhugas ako ng kamay bago at pagkatapos kong kumain.
- \_\_\_\_\_ 2. Lumalabas ako ng bahay na walang suot na *facemask* kahit mayroon pang pandemya.
- \_\_\_\_\_ 3. Hindi ako kumakain ng sobrang matatamis na pagkain dahil ayaw kong masira ang aking ngipin.
- \_\_\_\_\_ 4. Sinusunod ko ang mga babala at payo ng aking magulang na maaaring magdulot ng kapahamakan sa akin.
- \_\_\_\_\_ 5. Hatinggabi na akong natutulog dahil sa panonood sa *cellphone* o *tv*.



## **Tuklasin**

Kilala mo ba si Tinong? Sino kaya siya? Tuklasin sa kuwentong ito.

### **Si Tinong Magalang**

ni Josephine Bruselas Mien



Habang nakikipaglaro si Tinong sa labas ng bahay nila ay narinig niya ang malakas na sigaw ng kaniyang pangalan.

Lumapit si Tinong at mahinahong sinambit ang mga katagang, “Ano po iyon? Bakit po?”



“Ipasok mo muna ang mga paso na ito sa loob ng bahay”, utos ng kaniyang ate.

“Opo ate”, sabay buhat ng mga paso papasok ng bahay.

Ilang sandali, dumating ang kaniyang Ninang Eva. Binati, nagmano, at pinatuloy niya sa loob ng bahay. “Ninang, maupo muna po kayo at ipagtitimpla ko kayo ng malamig na *juice*”, sambit niya.

Magalang na nagpaalam si Tinong sa kaniyang ina at ninang upang makipaglaro muli. Natandaan din kasi niya na masama sa bata ang makinig at sumali sa usapan ng matatanda lalo’t hindi naman kinakausap.

Hangang-hanga kay Tinong ang kaniyang Ninang sa kabutihang ipinakita niya. Naikuwento rin ng nanay ni Tinong na napakabuti nito sa kapuwa at laging mapagkumbaba sa iba.

“Kung nakikipag-usap naman, napakagalang niya kung sumagot. Ang mga matatanda sa aming lugar ay kinalulugdan siya dahil sa walang araw na hindi sa kanila nagmamano. Halos lahat ng mga kaibigan at kalaro niya ay natutuwa sa kaniyang taglay na magagandang katangian”,

dugtong ng ina ni Tinong.

Dumating ang araw ng Lunes, maagang umalis ng bahay si Tinong.

“Kumusta po Manong Tim, ingat po sa pagtitinda,” pangungumusta ni Tinong sa tindero ng isda bago pumasok sa tarangkahan ng paaralan.

Sa loob ng silid-aralan ay tahimik ang mga mag-aaral na nakikinig sa gurong si Bb. Vida. Iyon ang araw ng pagbibigay ng Ikatlong Markahang Pagkilala sa kaniyang klase. Tinawag niya ang mga natatanging mag-aaral na naging mahusay at nagpakita ng angking talino sa iba’t ibang larangan. Isa sa mga batang pinarangalan ay si Tinong Magalang na nanguna sa kanilang klase. Bukod sa pagiging matalino, siya rin ay tumanggap ng parangal bilang “*Batang Magalang Awardee*”. Ipinaliwanag ni Bb.

Vida na ang parangal para kay Tinong ay ibinigay ng paaralan para sa pinakamagalang na bata sa lahat ng mga mag-aaral ng paaralan.

“Mga minamahal kong mga mag-aaral, palakpakan natin ang lahat ng tumanggap ng sertipiko sa araw na ito. Ipagpatuloy ninyo ang pag-aaral nang mabuti dahil darating ang araw, ito ang magiging susi ng inyong tagumpay,” paalala ng guro.

“Mano po Inay, mano po Itay,” sabay abot sa magulang ng mga sertipikong dala-dala niya.

Laking tuwa ng magulang nang makita ang mga ito, lalo na ang sertipiko para sa batang magalang, hindi kaila sa kanila sapagkat kilalang-kilala si Tinong sa kanilang lugar. Lahat kasi ng nakakakilala sa kaniya ay minamahal siya. Kaya, walang duda ang paggawad sa kaniya ng parangal.

“Bagay na bagay sa kaniya ang apelyido niyang Magalang.” laging sambit ng mga tao sa kanilang lugar.

Ngayon ay natapos mo nang basahin ang kuwento. Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa ibaba.

1. Bakit pinamagatan ang kwento na ‘Si Tinong Magalang’?
2. Ano-ano ang mga katangian ni Tinong?
3. Bakit karapat-dapat si Tinong sa parangal na kaniyang natanggap?
4. Alin sa mga katangian ni Tinong ang nais mong pamarisan? Bakit?



### ***Suriin***

Bahagi ng pakikipagkapuwa-tao ang paggalang at pagmamalasakit sa ibang tao. Ang pagtanggap sa kung sino sila anuman ang estado sa buhay, kasarian, edad, paniniwala, o

relihiyon ay pagpapakita ng paggalang sa kanila. Kapag iginagalang mo ang iyong kapuwa, susuklian ka rin nila ng paggalang at pagpapahalaga. Kapag may paggalang sa isa't isa tiyak na may maayos na pagsasama at pag-uunawaan.

Lahat ng tao ay pantay-pantay na nilikha ng Diyos kung kaya't bawat isa ay may karapatang igalang at makaramdam ng pagmamahal ninuman. Maraming paraan ang maaaring gawin upang maipakita ang paggalang sa iyong kapuwa.

Bahagi ng ating kultura ang kaugaliang ito. Ang pagmamano sa mga nakatatanda ay isang paraan ng pagrespeto na namana natin sa ating mga ninuno. Ang pag-aasikaso sa bisita tulad ng pagbibigay ng pagkain at inumin o ang pag-alok ng matutulugan ay ugaling nagpapakita ng pagiging mabuting tao sa kapuwa. Ang pagiging mahinahon sa pakikipag-usap at paggamit ng po at opo at pagbibigay ng upuan ay tanda ng paggalang hindi lang sa nakatatanda kundi sa kahit sinumang nakakasalamuha. Ang pakikinig sa nagsasalita o nagpapaliwanag, pagtanggap sa kamalian, paghingi ng paumanhin, at pagsunod sa utos ng magulang o nakatatanda ay kaugaliang nagpapakita ng pagpapahalaga sa ibang tao. Ang pagsasaalang-alang sa damdamin ng iba tulad ng hindi panunukso at pamimintas sa kapuwa at pagpapakumababa ay mga paraan din ng paggalang.

Ang kaugaliang ito ay pagpapatunay ng ating kabutihan sa lahat ng nilikha ng Diyos. Tandaan natin na ang kahalagahan ng tunay na paglilingkod sa Diyos ay sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa kapuwa na may kalakip na pagmamahal at paggalang.




# Pagyamanin

## Gawain 1

Pag-aralan ang nasa *comic strips*. Alin dito ang nagpapakita ng paggalang sa kapuwa? Lagyan ng **tsek** ang loob ng kahon kung nagpapakita ito ng paggalang at ekis naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.





## Gawain 2

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sitwasyon. Ano ang iyong gagawin sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Inutusan ka ng guro upang ihatid ang mga *report cards* ng inyong klase sa opisina ng punongguro upang papirmahan ang mga ito. Pagpasok mo ay nakita mong may mga gurong nasa loob habang kausap sila ng punongguro.
  - A. Aatras sa pagpasok at muling babalik sa silid-aralan.
  - B. Mabilis na iaabot sa punongguro ang mga dalang *report cards*.
  - C. Babatiin lahat ang mga gurong nasa loob ng opisina kasama na ang punongguro bago iabot ang dalang *report cards*.
  - D. Sabihan ang punongguro na inutusan ka ng iyong guro at hihintayin mo ito hanggang sa matapos siyang magpirma.
  
2. Magkasama kayo ng iyong lola papuntang mall. Sumakay kayo ng *jeep*, puno na ito ng pasahero subalit may isa pang matandang babae na nais sumakay. Wala na itong maupuan kaya nakiusap ito na makasingit upang makarating agad sa kaniyang pupuntahan. Naawa ka sa kaniyang kalagayan dahil siya ay mahina at matanda na.
  - A. Hindi ako makikialam at hindi kikibo.
  - B. Pauupuin ko si lola sa upuan ko.
  - C. Sabihan ko ang drayber na huwag ng pasakayin ang matanda.
  - D. Hahayaan ko ang lola na sumingit at umupo sa sahig ng *jeep*.

3. Araw ng Sabado, ikaw ay nasa loob ng bahay samantalang ang iyong nanay ay naglalaba sa labas ng bahay. Ilang sandali ay narinig mong may tumatawag sa may tarangkahan ninyo. Tumahol nang tumahol ang alagang aso ninyo na ikinatakot ng taong nasa inyong tarangkahan.

- A. Hindi ko papansinin kung sino man ang tumatawag.
- B. Hahayaan siyang tumawag dahil hindi ko naman kilala.
- C. Sasawayin ang aso sa pagtahol at tatawagin ko ang aking nanay.
- D. Sasabihan ko ang nanay na magtago dahil may taong naghahanap sa kaniya.



### **Isaisip**

Sa iyong palagay, mahalaga ba ang paggalang sa iyong kapuwa? Dugtungan ang talata sa ibaba para mabuo ang konsepto nito.

Mahalaga ang paggalang sa aking kapuwa dahil

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## ***Isagawa***

Isulat sa loob ng tsart ang gawaing ginagawa mo upang maipadama ang paggalang sa iyong kapuwa.

Ang Kapuwang Mahahalaga sa Akin...	Paraan ng Pagpapakita ng Paggalang
<i>Halimbawa: Nanay</i>	<i>Sinusunod ko nang maluwag sa kalooban ang kaniyang iniuutos sa akin.</i>





## **Tayahin**

**A. Panuto:** Isulat ang salitang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang sa kapuwa at isulat naman ang salitang **MALI** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Binabati ang guro sa pagpasok sa paaralan.
- \_\_\_\_\_ 2. Pangungulit sa kapatid na natutulog.
- \_\_\_\_\_ 3. Pagsagot sa nanay nang padabog kapag ayaw sundin ang utos.
- \_\_\_\_\_ 4. Pagpapatuloy ng mga kapamilyang galing sa ibang probinsya.
- \_\_\_\_\_ 5. Paghalik o pagmamano sa magulang pagkagaling sa paaralan.

**B. Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang kaugaliang paggalang sa kapuwa ay kilos na nagpapakita ng pananalig sa \_\_\_\_\_.
  - A. sarili
  - B. kapuwa
  - C. sarili at kapuwa
  - D. Diyos
  
2. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng paggalang sa kapuwa **maliban sa isa**.
  - A. Pagtulak sa kamag-aaral na nauna sa pila.
  - B. Pakikinig sa magulang na nagpapangaral.
  - C. Pagbati sa kaklaseng nanalo sa patimpalak.
  - D. Pakikipagkuwentuhan nang hindi nakakaistorbo sa iba.

3. Napadaan ka sa bahay ng kaibigan mo, tinawag ka niya at inalok ng meryenda. Pumasok ka sa loob ng bahay at nakita mo ang iba niyang kapamilya. Ano ang iyong gagawin?
- A. Yuyuko na lang ako para hindi sila makita.
  - B. Titingnan ko lang sila habang ako'y kumakain ng meryenda.
  - C. Magtatago ako sa likod ng kaibigan ko para hindi nila mapansin.
  - D. Babatiin silang lahat at magmamano ako sa nakatatanda sa akin.
4. Nagkagulo sa bakuran ng kapitbahay mo. Lumapit ka upang alamin ang nangyayari. Nakita mong nakikipag-away ang pinsang mong si Fred. Pinagsasalitaan ng masama at pinipintasan niya ang isang bata. Sa pangyayaring ito, ipinakita ba ni Fred ang paggalang sa kaniyang kapuwa? Bakit?
- A. Opo, dahil ipinagtatangol lang niya ang sarili.
  - B. Opo, dahil hindi maaaring apihin ng kapuwa.
  - C. Siguro hindi, dahil nakikipag-away si Fred.
  - D. Hindi po, dahil ang pagmumura at pamimintas ay nakasasakit ng damdamin ng kapuwa.
5. Bakit mahalagang igalang at pahalagahan ang ating kapuwa?
- A. Upang masabi ko sa aking mga kaklase na ako ay magalang.
  - B. Upang makatangap ako ng pagkilala mula sa ibang tao.
  - C. Upang tumaas ang aking marka sa ESP.
  - D. Upang maipakita ang pagpapahalaga sa kanila.



## ***Karagdagang Gawain***

Punan ang tsart ng iyong sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Simula ngayon, gagawin ko na ang mga sumusunod upang maipakita ang paggalang ko sa aking kapuwa:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

Binabati kita sa mahusay mong pag-aaral ng modyul na ito. Ipagpatuloy mo ang mabuting pakikitungo sa iyong kapuwa.

Tandaan mo na dapat maging magalang sa lahat ng taong iyong nakakasalamuha.



# Susi sa Pagwawasto

<b>Balikán</b>	1. <input type="checkbox"/>	1. X
	2. <input type="checkbox"/>	2. ✓
	3. <input type="checkbox"/>	3. ✓
	4. <input type="checkbox"/>	4. X
	5. <input type="checkbox"/>	5. ✓

<b>Subukin</b>	6. X	1. X
	7. ✓	2. ✓
	8. X	3. ✓
	9. ✓	4. X
	10. X	5. ✓

**Tuklasin**

1. Dahil napakagalang niyang bata hindi lang sa kapamiya pati na rin sa lahat ng taong nakapaligid sa kaniya.
2. Siya ay magalang, mabait at mapagkumbaba.
3. Dahil naipakikita niya ang pagpapahalaga sa kapuwa sa pamamagitan ng paggalang.
4. Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.

**Pagymanin**

**Gawain 1**

**Gawain 2**

1. C
2. B
3. C

**Isaisip**

Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.

**Isagawa**

Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.

**Tayahin**

A. 1. TAMA

2. MALI

3. MALI

4. TAMA

5. TAMA

B. 1. D

2. A

3. D

4. D

5. D

**Karagdagang Gawain**

Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.

## **Sanggunian**

*Nangungunang 100 Paggalang Sa Mga quote at Kasabihan.* (n.d.). midmichiganboxerrescue. <https://tl.midmichiganboxerrescue.org/respect-quotes-sayings-122>

Jamieaglyn2017. (n.d.). *Ibig sabihin Ng paggalang Sa ideya Ng kapuwa.* Brainly.ph - For students. By students. <https://brainly.ph/question/10989764>

Ki. (2021, March 11). *Paano Ipakita Ang Paggalang Sa Kapwa? Halimbawa at Kahulugan.* Philippine News. <https://philnews.ph/2021/03/11/paano-ipakita-ang-paggalang-sa-kapwa-halimbawa-at-kahulugan/>

*K to 12 grade 4 learner's material in Esp (q1-q4).* (2015, 7). Share and Discover Knowledge on SlideShare. <https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-4-learners-material-in-esp-q1q4>

---